REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 50

KAPASIYAHAN NA KINOKONDENA ANG HINDI MAKATAO AT HINDI MAKATARUNGAN AT MAKATWIRANG PAGLUSOB AT PAMAMARIL NA ISINAGAWA NG MGA MIYEMBRO NG P.C. SPECIAL ACTION FORCE NA NAKATALAGA SA CAMP BAGONG DIWA, BICUTAN, TAGUIG, KALAKHANG MAYNILA SA PUNONG HIMPILAN NG PULISYA NG BAYAN NG MUNTINLUPA NA IKINASUGAT NI PATROLMAN ISIDRO DE GUZMAN AT NG ISANG DETENADONG PRESO SA PIITAN NG MUNTINLUPA AT NAGLIKHA RIN NG PAGKASIRA NG IBA'T-IBANG ARI-ARIAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang ganitong masamang gawain ay taliwas sa isinumpang tungkulin ng mga nagpapatupad ng batas na pangalagaan ang katahimikan at kaayusan ng sambayanan;

SAPAGKAT, ang hindi makatwirang paglusob at pamamaril na isinagawa ng masasamang elemento ng PC Special Force ay nagbibigay batik sa pangunahing layunin ng mga matataas na puno ng Hukbong Sandatahang Lakas ng Pilipinas na mapanuto at maibalik muli ang dating pagtitiwala at pagtingin ng mamamayan sa mga nangangalaga ng katahimikan at nagpapatupad ng batas;

SAPAGKAT, ang ganitong pangyayari ay sumisira ng tunay na kalagayan ng aming bayan at ng buong bansa na rin na ito ay matiwasay at matahimik;

SAPAGKAT, ang ganitong pangyayari ay nagtataboy sa mga mamumuhanan o kapitalista na gustong magtayo ng negosyo at mangalakal hindi lamang sa Bayan ng Muntinlupa kundi maging sa ibang lugar man ng bansa;

SAPAGKAT, ang mga masasamang elementong ito ng Hukbong Sandatahang Lakas ng Pilipinas ay dapat mawala kundi man ay mabigyan ng karampatang kaparusahan sa hindi makatao at makatarungang paglusob at pamamaril sa Punong Himpilan ng Pulisya ng Bayan ng Muntinlupa na ikinasugat ng dalawang katao at pagkasira ng mga ari-arian;

SAPAGKAT, ang ganitong pangyayari ay nagdulot ng hasik at pagkatakot sa mapayapa at matahimik na mga naninirahan sa Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang pangyayaring ganito ay malaking insulto sa Punong Bayan, Pangalawang Punong Bayan, mga Kagawad ng Sangguniang Bayan, mga Puno ng Tanggapan ng Pamahalaang Bayan at sa Lahat ng mamamayan ng Bayan ng Muntinlupa.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli ang pagkondena sa hindi makatarungan, makatao at hindi makatwirang paglusob at pamamaril sa Punong Himpilan ng Pulisya na ikinasugat ng dalawang katao at pagkasira ng mga ari-arian ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangtatlumpung (30th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-26 ng Septiyembre, 1988.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pangalawang Pangulong Opisyal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal